# Template sa Paglalagay ng Label sa mga Naka-pack na Pagkain Mga tagubilin para sa Paggamit


**<u>BAGO GAMITIN</u>: *Ang Template na ito sa Paglalagay ng Label sa mga Naka-pack na Pagkain ay inilaan upang gamitin ng mga establisimyento na nagbabahagi ng mga food package sa site <u>at</u> hindi kasama sa mga kinakailangan na may kinalaman sa paglalagay ng "Nutrition Facts" sa label ng produkto.***

Inilaan ang template na ito upang gamitin kasabay ng dokumentong “Mga Patnubay sa Paglalagay ng Label sa mga Naka-pack na Pagkain,” na maa-access sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code o pag-click sa link sa ibaba. Mangyaring suriin ang patnubay na ito kung kinakailangan. Matatagpuan ang karagdagang impormasyon sa Seksyon 050.343 ng Mga Regulasyon ng Establisimyento ng Pagkain ng NNPH (NNPH Food Establishment Regulations). Matatagpuan ang mga dokumentong ito at higit pang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kaligtasan ng pagkain sa NNPH Food Safety Services Resource Library.

Patnubay sa Paglalagay ng Label sa mga Naka-pack na Pagkain

Mga Regulasyon ng Establisimyento ng Pagkain ng NNPH

| Gamitin ang sangguniang larawan ng template ng label upang kumpletuhin ang mga sumusunod na hakbang: |
|---|
| 1. Sa puwang na tumutugma sa Kahon A, isulat ang karaniwang pangalan ng produkto ng pagkain na nakapaloob sa package. |
| 2. Sa puwang na tumutugma sa Kahon B, isulat ang dami ng produkto ng pagkain na nakapaloob sa package. Maaaring tukuyin ang dami ng produkto sa pamamagitan ng mga yunit ng timbang (onsa, libra, gramo, kilo, atbp.), yunit ng dami (mga fluid ounce, pint, mililitro, litro atbp.), <u>O</u> mga yunit ng nilalaman (bilang ng piraso). Para sa mga yunit ng timbang o dami, isama ang parehong U.S. at metric scale. |
| 3. Sa puwang na tumutugma sa Kahon C, ilista ang lahat ng sangkap sa pababang pagkakasunud-sunod (pinakamarami hanggang sa pinakakaunti) ayon sa timbang. Ilista ang lahat ng sangkap ayon sa kanilang karaniwang pangalan. |
| 4. Sa puwang na tumutugma sa Kahon D, isulat ang alinman sa pangunahing 8 allergen sa pagkain na nasa produkto. Ang pangunahing 8 allergen sa pagkain ay: gatas, mani, itlog, mga tree nut, isda, shellfish, trigo, at balatong. Kung naglalaman ang produkto ng mga mani o shellfish, isulat ang espisipikong uri tulad ng “niyog” o “hipon”. |
| 5. Sa puwang na tumutugma sa Kahon E, isama ang karagdagan o espesyal na impormasyon tungkol sa produkto, tulad ng petsa na “Gamitin sa” o “Panatilihing nasa Refrigerator”. |
| 6. Sa puwang na tumutugma sa Kahon F, isulat ang pangalan ng negosyo ng manufacturer. |
| 7. Sa puwang na tumutugma sa Kahon G, isulat ang address ng negosyo ng manufacturer. |
| 8. Sa puwang na tumutugma sa Kahon H, isulat ang anumang impormasyon tungkol sa contact sa negosyo, tulad ng numero ng telepono o email address. |




Habang sinasagutan mo ang unang label, awtomatikong masasagutan ang inilagay na impormasyon sa natitirang tatlong label. Tumutugma ang template ng label na ito sa mga shipping label ng Avery brand #5168 ngunit maaaring gamitin sa anumang 3.5”x 5” na adhesive label.

**Mangyaring tandaan: Ang impormasyon sa mga label ng naka-pack na pagkain ay ibinibigay ng mga establisimyento ng pagkain at ang may hawak ng permit ang responsable sa pagtiyak na tumpak at kumpleto ang mga label ng naka-pack na pagkain. Hindi ginagarantiya ng Northern Nevada Public Health (NNPH) ang katumpakan ng mga label ng naka-pack na pagkain gamit ang template na ito. Para sa tulong sa paglalagay ng label sa mga naka-pack na pagkain, tumawag sa front desk ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Kapaligiran ng NNPH (NNPH Environmental Health Services) sa 775-328-2434, opsyon #8, o makipag-ugnayan sa email sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga tanong sa foodsafety@NNPH.org**

Kabuuang Dami:

Mga sangkap:

Impormasyon sa Allergen: Naglalaman ang produktong ito ng

Kabuuang Dami:

Mga sangkap:

Impormasyon sa Allergen: Naglalaman ang produktong ito ng

Kabuuang Dami:

Mga sangkap:

Impormasyon sa Allergen: Naglalaman ang produktong ito ng

Kabuuang Dami:

Mga sangkap:

Impormasyon sa Allergen: Naglalaman ang produktong ito ng